

# ALLIR MEÐ

tölum saman um skólamenningu á Íslandi



## KABATAAN, LIBRENG ORAS AT MGA PROGRAMANG PANGKABATAAN

(Börn, frístundir og frítíminn)

Dagbjört Ásbjörnsdóttir, project manager sa Departamento ng Edukasyon at Kabataan sa Reykjavík

Bjarni Þórðarson, direktor sa Sentro ng Kabataan *Tían* sa Árbær



# Departamento ng Edukasyon at Kabataan sa Reykjavík



- Nahahati sa 5 distrito ang lungsod ng Reykjavík
  - Vesturbær, Miðborg at Hlíðar → Frístundamiðstöðin Tjörnin [www.tjornin.is](http://www.tjornin.is)
  - Laugardalur, Háaleiti at Bústaðir → Frístundamiðstöðin Kringlumýri [www.kringlumyri.is](http://www.kringlumyri.is)
  - Breiðholt → Frístundamiðstöðin Miðberg [www.midberg.is](http://www.midberg.is)
  - Grafarvogur → Frístundamiðstöðin Gufunesbær [www.gufunes.is](http://www.gufunes.is)
  - Árbær, Grafarholt at Úlfarásdalur → Frístundamiðstöðin Ársel [www.arsel.is](http://www.arsel.is)
- Ang mga Sentro ng Programa Pagkatapos ng Eskwela o “Frístundamiðstöð” ang siyang nangangasiwa ng mga *frístundaheimili* at *félagsmiðstöð* sa ilalim ng lungsod ng Reykjavík



# Sentro ng Aliwang Pambata *Frístundaheimili*



- Ang mga *Frístundaheimili* ay para sa mga bata mula 6 – 9 taong gulang (grade 1 – 4)
- Ang mga bata ay nagkakaroon ng mga kaibigan, nadadagdagan ang social skills, natututong mag-Icelandic at natututo sa pamamagitan ng mga laro.
- Bukas ito sa mga araw na may staff day at pagpupulong ng mga magulang ngunit sarado ang mga ito kapag bakasyon ng mga paaralan.
- Naghahandog din sila ng programa sa mahabang bakasyon sa panahon ng tag-init.
- Ang lahat ng impormasyon ay matatagpuan sa <http://reykjavik.is/fristundaheimili>



# Sentro para sa Kabataan

## *Félagsmiðstöð*



- Ang mga Sentro para sa Kabataan o „Félagsmiðstöð“ ay para sa mga batang 10-16 taong gulang
  - Bukas ito 1-2 hapon sa isang linggo para sa mga bata mula 10-12 taong gulang
  - Bukas ito 2-3 gabi sa isang linggo para sa mga bata mula 13-16 taong gulang. Sa ilang mga sentro ay bukas din sa hapon.
- Pinagtutuunan ng pansin dito ang mga prebensyon o pag-iwas sa mga mapanirang asal, pagpapatibay ng kumpiyansa sa sarili, at iba pang mga konstruktibong gawain.
- May iba't-ibang mga club, mga gawaing pang-grupo, at mga maliliit na proyekto.
- Adhikain ng sentro na pairalin ang demokrasya para sa kabataan.
- Ang lahat ng impormasyon ay matatagpuan sa <http://reykjavik.is/felagsmidstodvar>




# Kahalagahan ng Prebensyon



## Modelo sa Iceland

- Mula taong 2000 ay tinututukan na ang mga proyektong lumalaban sa mapanirang asal ng kabataan tulad ng mga mapanganib na adiksiyon at bisyo sa paglalasing
- Pinagsanib ang puwersa ng mga magulang, paaralan, dalubhasa sa programang pangkabataan at iba pang mga may kalamayan sa pagdidisiplina at pag-aaruga sa kabataan.
- Sa nagdaang mga taon, may mga espesyal na proyektong pang-prebensyon o pagpigil sa mapanirang asal sa tulong ng mga epektibong pagsasanay, pagpapatibay ng kumpiyansa sa sarili ng mga teenager at pagkakaisa ng mga magulang.

## Mga Bahagi ng Epektibong Prebensyon



# Patakaran hinggil sa oras na nasa labas ang mga bata sa Iceland



- Ang mga bata hanggang 12 taong gulang ay hindi na maaaring lumabas mula 8:00 ng gabi, maliban na lamang kung may kasamang nakatatanda na higit pa sa 18 taong gulang.
- Ang mga bata mula 13 – 16 taong gulang ay hindi na maaaring lumabas mula 10:00 ng gabi maliban na lamang kung pauwi na sila mula sa organisadong programa ng paaralan o ibang mga institusyon.
- Mula ika-1 ng Mayo hanggang ika-1 ng Setyembre naman ay mas tumatagal ito nang dalawang oras.



# Allowance o panggastos sa mga programang pangkabataan

## *Frístundakortið*



- Frístundavefurinn – [www.fristund.is](http://www.fristund.is) → Website tungkol sa mga iba't-ibang kursong pambata
- ### Ang *Frístundakort* sa Lungsod ng Reykjavík
- Layunin ng benepisyong ito ay para mabigyan ng pagkakataon ang lahat ng kabataan na makilahok sa mga programang pangkabataan anuman ang katayuan sa buhay ng kanilang pamilya.
  - Ang allowance o panggastos na ito ay 50.000 kr. kada bata sa bawat taon mula 6-18 taong gulang na naninirahan sa Reykjavík.
  - Hindi ito ibinibigay nang direktso sa mga magulang kungdi ay mayroon silang karapatang i-allocate o ilaan ang partikular na halaga sa pangalan ng anak para ipambayad o mabawasan ang bayad sa mga programang dinadaluhan ng bata.
  - Ang *Frístundakort* ay maaaring gamitin sa pamamagitan ng Rafræn Reykjavík (Self-service online) o di kaya ay sa mismong mga programang pangkabataan.

